# AUTOETNOGRAPIYA NG LUKSA

## I.

Namatayan ako ng kasintahan labing-isang buwan ang nakaraan. Ang hirap palang magluksa ng isang tulad ko—isang baklang namatayan ng kasintahan. Kadalasan kasi kapag tinatanong ako ng ilang mga tao kung kumusta na ako, madalas akong makarinig ng mga payo o pahayag na hirap akong tanggapin, tulad ng:

"Ang tagal mo nang malungkot. Sana makapag-move on ka na."

"Masakit pa rin ba hanggang ngayon? Mag-iisang taon na rin ah..."

"Tigilan na ang lungkot. Hindi titigil ang mundo para sa iyo."

"Bakit hindi ka na lang maghanap ng bago?"

"Huwag kang mag-alala. Marami pa naman diyan."

Maganda naman siguro ang intensyon nila, pero madalas magpanting ang aking mga tainga sa naririnig. Maaaring insensitibo sila o sensitibo ako, pero hindi ko maiwasang isipin na apektado ng aking sekswalidad ang pakikitungo nila sa akin bilang isang baklang biyudo.

*Baklang biyudo*. Malamang ay hindi kailanman sumagi sa isip nila na biyudo ako. Sa paningin nila, namatayan ako ng boyfriend. Syota. Jowa. Maaaring hindi tumagos sa isip nila na nawalan ako ng lalaking itinuring kong asawa.

"Bakit hindi ka na lang maghanap ng bago?" "Makakahanap ka rin, marami naman diyan." Ganoon ba talaga ang tingin nila sa aming mga bakla? Papalit-palit ng relasyon. *Promiscuous*. Para akong sirang plaka: hindi lang ako nakipaghiwalay. Namatayan ako. Limang taon kaming nagsama.

Hindi ko maipapaintindi sa lahat ng tao ang aking nararamdaman. Hindi ko laging mahihingi na maging sensitibo sila. Kaya susubukan kong intindihin ang paulit-ulit na

pagpukpok sa aking ulo, ang pagtatanong kung bakit hindi maintindihan ng maraming tao ang pagluluksang aking pinagdadaanan.

II.

Lumaki ako sa San Jose Del Monte City, Bulacan. Tatlumpung minutong sakay lang ng jeepney, nasa Quezon City na ako. Nag-aral ako ng elementarya at haiskul sa isang paaralan sa loob ng subdibisyon kung saan kami nakatira. Bahay-eskuwela-bahay lamang ang buhay ko noon. Sunog lagi ang kilay ko dahil nangarap grumadweyt ng Valedictorian pero talagang Top 4 lang ang kinayang abutin. Kung lumuluwas ng Quezon City para mag-mall o mamasyal e laging pamilya ang kasama ko. Sobrang layo na para sa akin ang Pasig, Makati, o Pasay. Hindi ako nakakasama sa mga lakad ng barkada sa haiskul. Maliit ang aking mundong ginalawan noon.

Syempre, mas masikip pa ang tingin ko sa mundo ng kasarian at seksuwalidad. Wala akong rason para kuwestiyonin ang normalidad ng heteroseksuwalidad sa mga asignatura sa paaralan. Biology, Home Economics, GMRC—binabandera ng lahat ng ito ang ekspektasyon sa mga babae at lalaki sa loob at sa labas ng bahay. Puro mga “straight” na tauhan din ang nababasa ko sa mga assigned readings sa Panitikang Filipino at English Literature. Wala ring personalidad na hayagang bakla o lesbiyan sa pag-aaral ng Kasaysayan. Kahit ramdam kong may iba sa akin, hindi ko tinignan ang sarili ko bilang bakla. Hindi mainam maging bakla. Mali ito, sabi ng aking relihiyon. Babae at lalaki lang ginawa ng Diyos para sa isa't isa. O magiging kagaya ako ng mga kaklaseng parating tinutukso dahil bakla sila.

Pero noong bata ako, maraming beses na akong tinanong kung bakla ako. Siguro dahil sa paraan ng aking pananalita. Dahil iyakin ako. Dahil masyado akong malapit sa aking nanay. Pinagagalitan din ako ng tatay ko dahil sobrang babaw ng luha ko at medyo mahinhin ang kilos. Parang hindi raw ako tunay na lalaki. Gusto niya akong i-enroll dati sa boksing para mas

tumapang at tumigas daw ako, pero hindi naman natuloy. Nagulat pa ang mga kaibigan ko dahil nagka-girlfriend ako noong fourth year. “Tunay” na lalaki naman daw pala ako. Buti naman, kasi sayang daw ang hitsura at talino ko. Pero tatlong buwan lang kaming nagtagal ng girlfriend ko. Noong grumadweyt ako ng haiskul, para akong nakalaya sa masikip na mundo ng aming bahay at paaralan.

Nagkolehiyo ako sa Don Bosco. All-boys school pa ito noon. Dahil isang Katolikong institusyon, may 24 units kami ng Theology at may asignatura tungkol sa pagpapakasal at pagpapamilya. Siyempre, ibinabandera rito ang normalidad ng pag-iisang dibdib ng babae at lalaki at ang kahalagahan ng pagpreserba ng tradisyunal na institusyon ng kasal at pamilya. Sa ideyolohiya ng paaralan, marginalisado ang mga bakla. Subalit ang mga bakla ang nangunguna sa larangan ng akademiks; kadalasa’y teacher’s pet pa. Kailangang magpursigi dahil bakla. Tila ba kailangan laging patunayan ng bakla na karapat-dapat siya sa institusiyong ginagalawan niya.

Third year college na ako nang tinanggap ko ang aking sarili bilang isang bakla, dahil sa masidhi kong kagustuhan (o pagmamahal?) sa isa kong kaklase. Sa huli, hindi nasuklian ang aking naramdaman. Pero nalabuan pa ako sa ibig sabihin ng salitang “bakla.” Noong umamin ako sa isa kong kaibigan, ang una niyang tanong sa akin: “Magpapalda at magme-makeup ka na?” Hindi, ang sagot ko, dahil hindi ko kagustuhang magdamit pambabae. Naguluhan siya sa sagot ko, pero niyakap niya ako para sabihing tinatanggap niya ako kahit ano pa man ako. Ang drama.

At ang paga-out ay naging isang paulit-ulit na proseso para sa akin. Pakiramdam ko, obligasyon kong mag-out sa mga tao para maging totoo sa aking sarili at sa paningin nila. Pero pinili ko rin ang mga taong pinagkatiwalaan dahil hindi naman lahat ay tanggap ang mga bakla. May mga kaibigan din kasing napalayo ang loob sa akin pagkatapos malaman ang aking “tunay

na pagkatao."

Noong nag-aral ako sa UP para sa aking Masteral, natuwa ako sa malawak na batis ng karunungang aking nakukuha. Lahat ng nakabababang pananaw ko sa pagiging isang bakla ay napalitan ng empowerment. Niyakap ko ang teorya ng social construction nina Peter Berger at Thomas Luckmann na nagsasabing ang reyalidad, ang mundong ating ginagalawan, ay produkto ng paghuhulma ng lipunan. Tumatak sa akin ang salitang "construction" dahil ang lahat ng mga pinaniniwalaang reyalidad ay maaari palang napanday lamang ng kasaysayan at tradisyon bilang katotohanan, at ito'y maaaring magbago sa hinaharap. Ibig sabihin, ang maagang pananaw ko sa aking "pagkabakla"—na aking ikinubli, hindi tinanggap, ikinahiya, inisip na kasalanan, at iniyakan—ay hindi talaga absolute na "katotohanan" kundi pinagpasa-pasahang agam-agam sa kabaklaan na tinuring na "common sense" ng lipunan. Tila ba ako ay nagka-armas laban sa mga taong mag-aalipusta sa aking kabaklaan.

Mula noon, inexplore ko ang mundong dati ay pilit na itinatago. Sinimulan kong mahalin ang aking sarili bilang isang lalaking nagmamahal ng kapwa lalaki. Nadiskubre at binasa ko ang mga akda nila J. Neil Garcia (*Philippine Gay Culture*) at Danton Remoto (*Gaydar*), kasama ang inedit nilang *Ladlad* anthologies. Sa unibersidad ay tumambad sa akin ang mga mahihirap na teksto nina Michel Foucault *(History of Sexuality)*, Judith Butler *(Gender Trouble)*, Eve Kosofksy Sedgwick (*Epistemology of the Closet*), John D'Emilio (*Intimate Matters*) at Michael Warner (*Trouble with Normal*), at nakasangga ko sila sa mga akademikong papel na isinulat, na kadasalan ay tungkol sa representasyon ng bakla sa iba't ibang midya. Lumikha rin ako ng maiikling pelikulang nakapokus sa isyu ng kasarian at sekswalidad.

Armado man ako ng bagon karunungan, hindi ako kailanman nakapagladlad sa aking tatay. Namatay siya noong 2010. Nakamamangha na sa gitna ng aking emansipasyon ay hindi pa

rin nito nagawang hamunin ang takot na maitakwil ng sariling ama, dahil sa wari ko ay alam kong hindi niya ako matatanggap, base na rin sa kung paano niya ako kinastigo sa lelembot-lembot kong galaw noong bata pa ako. Minsan naisip ko na maaaring alam niya ang pagkatao ko pero ayaw lang niya itong marinig sa sarili kong bibig.

Nakatatlong boyfriend ako bago ko naging kasintahan si Alex noong 2011 (Hindi niya ito tunay na pangalan, para mapangalagaan ang kanyang identidad sa ibang kamag-anak). Bago ang aking tila perpektong relasyon kay Alex ay naranasan ko ang iba't ibang uri ng pasakit sa mga naunang nobyo: iniwan nang walang pasabi, na-fall out of love, paulit-ulit na niloko. Ito ay reiterasyon ng mga pelikulang nagtampok sa buhay ng bakla—walang happy ending sa buhay-pag-ibig.

Pero iba kami ni Alex. May “spark” sa una naming pagkikita. Nag-umpisa bilang magkaibigan, dahan-dahang nahulog ang loob namin sa isa't isa. Madalas ay pareho kami ng hilig at mga paniniwala sa maraming bagay. Marami ring hindi pagkakaunawaan pero mature naming hinarap ang mga gusot at muling nagkamabutihan. Mga pangarap niya, pangarap ko rin; mga pangarap ko, pangarap din niya. Ilang beses ko na rin muntik itigil ang aking masters sa UP dahil nahirapan ako nang sobra. Hindi niya ako tinantanang bigyan ng moral na suporta hanggang makagradweyt ako. At nagtuloy-tuloy ang suporta niya sa napakahina kong kumpiyansa sa sarili, makahanap ng trabaho bilang guro at maging isang director ng pelikula. Halos limang taon kaming nagsama ni Alex, hanggang sa kamatayan niya.

III.

Ang ugat ng pagluluksa ay ang pagkawala. Hindi lang kamatayan ang pinagluluksahan natin. Ayon kay Linda Machin, nakararanas tayo ng iba’t ibang pagkawala sa paglalayag natin sa buhay, mula pagkabata hanggang pagtanda. Ang bawat pagkawalang ito ay tila ba paghahanda sa

susunod na malaking pagkawala.

Hindi ko maiwasang balikan ang mga naunang pagkawala sa buhay ko. Ilang beses kong iniyakan ang mga ipinangakong pasalubong ni daddy na hindi niya nadala. Tanda ko pa noong unang beses akong iwanan ni mommy sa paaralan noong kinder ako. Noong Grade 4 ako, mula Top 2 ay naging Top 8 ako, at sa napakamurang edad ay nawala ang kumpiyansa ko sa sarili. Kahit hindi naman ako ganun kalapit sa mga kaklase ko noong haiskul, hindi ako tinantanan ng luha nang napagtanto kong lilisanin ko na ang paaralang humubog sa akin ng sampung taon. Tuwing maglilipat ako ng apartment, tinititigan ko muna ang bawat sulok ng lilisaning espasyo para madala ko sa aking pag-alis ang mga alaalang nakolekta. Marami na rin akong mga kaibigang nakagalit at naiwan. Ilang beses na rin akong nagresign sa trabaho, pero hirap laging magpaalam sa mga katrabaho sa opisina. Ilang pangarap ko na ang pinaghirapang maaabot pero hindi natupad. Ilang beses na rin akong pinaralisa ng mga pag-ibig na nauwi sa hiwalayan. Namatayan na rin ako ng ama noong 2010. Maraming uri ng pagkawala at hindi natin maikukumpara ang bigat ng sariling pagkawala sa iba.

Ayon sa teoryang “tasks of mourning” ni J. William Worden, may apat na hakbang na pinagdadaanan ang isang nagluluksa. Una, pagtanggap sa reyalidad ng pagkawala. Ikalawa, pagdaanan ang pighating dulot ng pagluluksa. Pangatlo, pag-aadjust sa bawat araw at gawain na hindi na kasama ang yumao. Panghuli, pagbibigay-kahulugan sa kamatayan ng minamahal at pagpapatuloy sa buhay. Dagdag ni Worden, pagkatapos ng unang hakbang ay hindi nangangahulugang lineyar ang proseso ng pagluluksa at pagrecover. Ibig sabihin, ang proseso ng pagbangon mula sa dagok na hatid ng pagkawala ay parang pagkumpas ng kamay: maaaring isang araw ay magaan ang pakiramdam ngunit kinabukasan ay tatamaan ng malubhang kalungkutan.

Hindi naman pala ako nababaliw. Buti na lang ay may teorya ni Worden upang mas maintindihan ang normalidad ng pabugso-bugsong emosyong aking nararamdaman.

Buong araw ng ika-17 ng Setyembre, nasa Bulacan ako, hindi mapakali. Galing ako kina Alex noong nakaraang gabi. Ramdam ko ang pagod sa buong pamilya. Salitan ang kanyang ama't ina sa pag-aalaga sa kaniya. Duwal kasi nang duwal si Alex. Hindi na tinatanggap ng katawan niya ang pagkain. Hirap man akong tignan si Alex, hindi ako kailanman umiyak sa harap niya. Sabi ko sa kaniya, sa susunod na pelikula ko, siya na ang magpoprodus. Natutuwa kasi siya pag gumagawa ako ng pelikula. Kuminang ang mata niya at tinitigan ako. Pilit niyang pinangiti ang natuyo niyang labi. Niyakap ko siya ng matagal. Sobrang init ng katawan niya. Binulungan niya ako. Tulungan ko raw siyang pahigain at gusto daw niyang matulog uli. Nagpaalam na rin ako sa kanya. Uuwi ako ng Bulacan. Hindi ko sinabing wala na akong pera dahil napunta na sa pampa-ospital niya. Na mommy ko muna ang susuporta sa akin. Hinalikan niya ang pisngi ko. Hinalikan ko rin ang pisngi niya. Nang makatulog si Alex, kinausap ko sandali ang mga magulang niya para sa mga susunod na plano sa pagpapagamot kay Alex. Paglabas ko ng pinto ng bahay nila ay tila ba may pumigil sa akin at napabalik ako para siliping muli si Alex. Nagtama ang aming mga paningin at ikinaway ang kaniyang kanang kamay. Nakangiti siya. Kinawayan ko rin siya. Ngumiti rin ako.

'Yun pala ang huling beses na makikita ko siya ng buhay. At least, nakangiti siya.

Limang taon kaming magkasintahan, ni hindi ko man lang siya nakasama sa huling araw niya sa mundo. At habangbuhay kong tatanungin ang sarili: hinintay ba niya akong dumating sa tahanan nila bago siya sumakabilang-buhay? Hindi niya ako nakita.

Dahil sa totoo lang, sa buong yugto ng kanyang pagkakasakit e hindi dumaloy sa isip ko ang kamatayan. Oo, nakita ko siyang naghihirap pero naniwala akong gagaling siya. Sinunod ko

ang kagustuhan niyang ayaw niya akong makita sa mga panahong mahina siya kaya hinihintay ko lagi ang text o tawag niya bago ko siya bisitahin, dahil gusto kong sundin ang mga kahilingan niya. Malakas siyang tao, alam kong malalampasan niya ito. Pero namatay siya.

Kaya nga't nung tumawag ang tatay niya ng alas onse ng gabi para sabihing namatay na si Alex, wala akong magawa kundi ang umiyak. Wala na akong pakialam kung marinig ng kapitbahay. Nasa Bulacan ako at malayo ako sa minamahal ko. Binawian siya ng buhay nang wala ako sa tabi niya. Tumingin ako sa madilim na langit at nagbakasaling makita kong lumilipad si Alex sa mga bituin, tinititigan ako. Hindi ako nakatulog. Hinintay ko ang text o tawag ni Alex para sabihan ako ng Baby, it’s a prank! I love you! Pero wala akong natanggap. Sa pagod ay nakatulog din ako. Alas singko ng umaga na 'yun.

Nagising ako ng alas otso at tinignan ang selfon ko. Walang text. Tinignan ko ang Facebook ni Alex. Walang bago. Nangyari ba talaga ang mga nangyari kagabi? Tinext ko si Alex. Walang reply. Ayokong i-text ang nanay o tatay ni Alex. Hanggang nakita ko ang post ng ate ni Alex sa Facebook tungkol sa detalye ng burol ng kapatid niya. Totoo nga, wala na si Alex. Tinawagan ko ang ate niya at nag-iyakan kami.

Sinamahan ako ng mommy ko sa chapel kung saan nakaburol si Alex. Mabagal akong humakbang papasok at dumiretso sa kabaong na pinaglalagakan ni Alex. Kahit tumulo ang luha ko ay napangiti ako ng bahagya. Suot niya kasi ang favorite couple polo namin. Kulay pula ito. Sabi ng tatay ni Alex, 'yun daw ang gustong isuot ni Alex sa burol niya. Tanong ko sa sarili ko: bakit alam na niyang mamamatay na siya? Ako pa rin ba ang nasa isip niya bago siya tuluyang umalis? Doon ay hindi ko na kinaya ang bigat ng dibdib at bumulalas na ako ng iyak. Sa pagkakataong iyon, wala pang mga tao. Ayaw raw pumunta ng nanay ni Alex sa burol. Hindi raw niya kayang makita ang sariling anak na nasa loob ng kabaong.

Mula rin noon ay kinausap na rin ako ng tatay ni Alex, humihingi ng tawad dahil hindi niya ako maipapakilalang boyfriend ni Alex sa mga kamag-anak nila. Walang problema, sabi ko. Boluntaryo akong lumalayo sa kabaong kapag dumarami ang tao. Nasosolo ko lamang si Alex kapag walang masyadong tao, o kung walang ibang kamag-anak.

Sa huling araw ng burol, sa huling misa bago siya ikremeyt, pinakiusapan ng pari ang mga bisita sa chapel na kung pwedeng bigyan ng privacy ang mga kapamilya para makasama sa huling pagkakataon si Alex. Nanlamig ako nang marinig iyon. Nasa likod ako ng chapel. Ano ang gagawin ko? Lalapit ba ako sa harapan para tignan sa isa at huling pagkakataon si Alex, o kailangan ko bang lumabas tulad ng iba? Naghintay ako ng hudyat. Isa, dalawa, tatlo. Mukhang walang pipigil sa akin. Pero tinamaan ako ng hiya at nag-umpisang maglakad palabas ng chapel hanggang narinig ko ang boses ng tatay ni Alex. Pinalapit nila ako at mula roon ay hindi ko na napigilan pa ang aking luha. Wala na akong pakialam kung titigan ako ng mga kamag-anak nila. Iiyak ako hanggat kaya ko. Dahil ilang sandali na lamang ay magiging abo na ang katawan ng mahal ko.

IV.

Maraming nakaalam ng relasyon namin ni Alex, mga malalapit na kaibigan at ang mga magulang namin. Hindi ibig sabihin na malaya naming naipagsigawan ang relasyon sa buong mundo. Noong burol, pinakilala ako ng ama ni Alex sa iba nilang kapamilya bilang bestfriend. Hindi nila ako pinansin, diretso sila sa kabaong ni Alex para sulyapan ang kamag-anak nilang matagal na hindi nakita. Masuwerte na lang kung titignan nila ako o kakamayan.

Para sa kanila, isa lang akong bisita.

Hindi nila alam na ako, ang lalaking araw-araw na nasa burol, ang nagmahal sa kamag-anak nila nang limang taon. Hindi nila alam na nagsama kami sa isang bahay. Hindi nila alam,

kasama namin ang isa’t isa sa mga plano namin para sa hinaharap. Hindi nila alam, balak naming magpakasal kung ma-legalize ang same-sex marriage sa Pilipinas. Hindi nila alam, asawa ang trato namin sa isa't isa. Hindi nila alam, isang araw bago siya namatay, hawak niya ang kamay ko at bumulong sa'kin, “mahal kita, asawa ko.”

Paano nga naman ipapaliwanag ng ama ni Alex sa kanilang kamag-anak na ang anak niya ay may kasintahang lalaki? Na ang anak niya ay bakla? E 'di sana, naipakilala ako bilang asawa, boyfriend, o partner. Bakit ba kasi hindi na lang nag-out si Alex sa buong mundo tulad ng ginagawa ng iba sa social media, may YouTube at Facebook naman? Hindi ko iyan masasagot, dahil kahit ako, hindi rin out sa lahat ng tao. Partida, dahil ang mga papel na sinusulat ko sa grad school, at kahit ang mga pelikulang aking dinirek, madalas tungkol sa isyu ng kasarian. Mahirap tanggihan ang malakas na kapit ng mga ideyolohiyang patriarchy, heteronormativity at homophobia sa ating lipunan, sa ating kapamilya. Aaminin kong may alinlangan pa rin akong magladlad sa lahat. At hindi naman mainam na iladlad ng ama ang sariling anak.

Pero hindi ko naisip na ang kamatayan ng aking kasintahan ay magpapamulat sa akin sa isang mas masakit na reyalidad. Parang nabura ang aming relasyon. Mananatili na lamang ito sa mga litrato, sa mga texts, sulat, at regalo, sa alaala ko at ng mga taong malapit sa aming buhay.

Nang namatay ang aking daddy pitong taon ang nakaraan, kitang-kita ko kung paano nagluksa ang aking mommy. Lagi siyang nasa harapan ng chapel, sa tapat ng kabaong ni daddy. Papasok ang mga bisita, yayakapin nila ang mommy ko nang mahigpit, sasabihan ng condolence. ‘Yung iba doon, hindi naman talaga niya kilala. Mga kaibigan o ka-opisina ng ama ko yung iba. Pero alam nilang siya ang asawa. Pwede niyang gawin ang gusto niyang gawin. Asawa siya ng namatay e.

Noong burol ni Alex, kadalasan ay nasa likod ako ng chapel, humihikbi mag-isa. Minsan

ay nagpipigil ng luha. Kapag wala masyadong tao, tsaka ako lalapit sa kabaong. Titignan ko ang mukha ni Alex, dahan-dahang hahaplusin ang salamin ng kabaong na pumapagitan sa aming dalawa.

Nakita ko ang mga pangalan ng mga kamag-anak, mga mahal sa buhay, na naiwan ni Alex. Syempre, wala ang pangalan ko doon—mga magulang, kapatid, at mga pamangkin lang niya. Mag-asawa man kami sa aming paningin, hindi ako legal na kapamilya. Kung isa sa amin ay bayolohikal na babae, malamang mag-asawa na kami.

V.

Tinatrato ko ang kategoryang “asawa” bilang isang panlipunang konstruksyon (social construction) na kadalasang ikinakabit sa isang magkasintahan na naikasal sa legal na paraan. Sa Pilipinas, tanging ang magkasintahang lalaki at babae lamang ang pwedeng maikasal at tawaging mag-asawa. Samantala, tanggap na ng ilang bansa tulad ng Netherlands, Canada, USA, New Zealand, at Taiwan ang same-sex marriage. Bagkus, malinaw ang pagka-konstruksyon ng mga salitang “kasal” at “asawa” dahil nakadepende ang depinisyon nito sa polisiya at kultura ng isang teritoryo. Maaari pang magbago ang mga depinisyon nito sa pagtakbo ng panahon.

Ang kasal ang siyang sentro ng aking pag-aaral sa aking master's thesis. Una, ako ay nagsuri ng iba't ibang teksto tulad ng Family Code of the Philippines, mga libro at artikulo tungol sa tradisyon ng kasal sa Pilipinas, at mga available na impormasyon tungkol sa same-sex wedding celebrations na nagaganap sa ilang bahagi ng bansa. Ikalawa, nag-interbyu ako ng mga magkasintahang homoseksuwal (gay couples at lesbian couples) na nasa kasalukuyang relasyon ng mahigit dalawang taon.

Lumitaw na sa pag-aaral ng mga dokumento, maliban sa Family Code, mas nabibigyan-diin ang sosyal kaysa sa ligal na aspeto ng kasal. Naging gabay ko rito si Ann Swidler na

nagsulat ng *The Talk of Love.* Sabi niya, ang mga sumusunod na katangian ang bumubuo sa sosyal na aspeto ng kasal: (1) isa itong yugto ng buhay na pinagdedesisyunan; (2) dalawang taong nagmamahalan ang mutwal na nagdesisyon dito; (3) nangako silang magsasama sa hirap at ginhawa; at (4) panghabambuhay ito. Kaya't pagmamahalan din ang nagsisilbing angkla ng mga grupong nagsasagawa ng same-sex weddings sa bansa tulad ng Metropolitan Community Church. Kailangan lang nilang ipaintindi na iba ang kasalan (wedding) sa kasal (marriage). Ang una ay selebrasyon, ang ikalawa ay proseso ng pagsasama sa mata ng batas.

Iba-iba ang pananaw ng mga kinapanayam tungkol sa setup nilang magkasintahan. May naniniwalang sila ay matuturing na kasal na dahil sila ay nagsasama sa isang bahay. Mayroon namang nagdiwang ng same-sex wedding kaya kinoconsider din nilang kasal na sila. 'Yung iba, sinasabing nasa aspetong legal lamang ang kasal.

Iba-iba man ang pagle-label nila sa setup na ginagalawan, malinaw na nakasangguni ang kanilang pamumuhay bilang magkasintahan sa mga gawaing expected sa buhay ng legal na mag-asawa—e.g., pagsasama sa isang bahay, pagtawag sa kasintahan bilang asawa, pagiging tapat o faithful sa kapareha, paghahati ng mga bayarin sa bahay, at ang kagustuhan na mapanatili ang relasyon habambuhay. Ibig sabihin, ang sosyal na aspeto ng legal na kasal ang nagsisilbi pa ring modelo ng mga bakla at lesbiyan na nasa committed o seryosong relasyon.

Ang pag-aaral na aking nagawa ay naging mahalaga para sa amin ni Alex dahil nailagay din sa lenteng ito ang aming relasyon, noong buhay pa siya. Unang buwan pa lang namin ay nagdesisyon na kaming magsama sa isang bahay. Sabay kaming nag-gogrocery, namimili ng gamit sa bahay. Minsan pinagluluto niya pa ako (hindi ako marunong magluto). Nagshe-share kami sa mga bills. Sinusuportahan namin ang mga plano ng isa't isa. Itinuturing namin ang isa't isa bilang mag-asawa.

Noong siya ay nagkasakit na nagdala sa kaniyang kamatayan, hindi ako nagdalawang isip na ubusin ang sarili kong ipon pandagdag sa laki ng bayarin sa ospital. Pagkatapos kong i-withdraw ang lahat ng aking pera at maibayad sa ospital, umiiyak na tinawagan ko ang kaibigang si Cenon. “Ibinigay ko na ang lahat,” sabi ko sa kaniya. Lingid sa kaalaman ni Alex, humingi na rin ako ng tulong sa aking nanay at mga kaibigan na mag-ambag sa para sa mga gastos sa hospital. Ganoon pala talaga kung mahal mo. Gagawin mo ang lahat.

Matalino kami ni Alex. Armado kami ng mga teorya. Kritikal kami pareho mag-isip. Sa aming paningin at sabi nga ng pag-aaral ko, konstruksyon ang kasal. Hindi namin kailangan ang legal na kasal para sabihing nagmamahalan kami. Ginagawa na namin ang mga gawain ng mga taong naikasal. Pero balewala ang teorya sa taong maysakit lalo na kung hindi ko man lang mai-offer ang aking health card. Tapos, kapag inaabot ako ng madaling araw sa pagbisita sa ospital ay kailangan pa akong itakas ng tatay ni Alex para makapasok. Pamangkin daw niya ako. Pinapasok naman ako nung guard. Kapamilya lang kasi ng pasyente ang pwedeng bumisita ng ganung oras. Masuwerte ako at tanggap ako ng nanay at tatay ni Alex.

Pero sa burol ni Alex, kinailangan kong pumasok muli sa klosetang na akala ko ay natibag ko sa maraming taong pag-aaral. Itinago ko sa gitna ng pag-iyak ang aking identidad, ang relasyon namin ni Alex, para sa imahe niya at ng pamilya niya. Bestfriend akong lalaki, kailangan kong itanim sa aking isipan. Paulit-ulit. Akala ko sa burol lang ako magbabalatkayo, pero panghabambuhay na pala ito. Dahil hindi ako kailanman titignan ng ibang mga kapamilya ni Alex na kanyang kasintahan. Paano ba magluksa ang isang bestfriend? Hindi pa ako namamatayan ng kaibigan. Baka OA na ako sa tingin nila. Bahala na, pero magluluksa ako sa paraang alam ko.

Biyudo naman ako di’ba? Sa aking haraya, sa ideyal na mundo, malaya kong sabihin na

isa akong biyudo. Namatayan ako ng partner. Pero sa mata ng karamihan, imbisibol ang aming pagsasama. Wala itong bearing. Kailangan lang magpatuloy ang aking buhay, dahil wala naman talaga akong pinanghahawakan. Kahit ang kanyang abo, wala akong karapatan.

VI.

Setyembre 20, unang araw matapos makremeyt ni Alex, ang isa sa pinakamahirap na araw sa buhay ko. Wala na ba talaga siya? Hindi kaya ang mga nakaraang araw ay panaginip lamang? Paulit-ulit kong tinitignan ang aking cellphone. Baka may text o miskol galing sa kanya. Oo nga pala, patay na si Alex.

Natandaan ko na may malapit na Philhealth sa bahay ko. Pinuntahan ko ito at kumuha ng card. Matagal na akong miyembro ng Philhealth pero wala pa rin akong card. May malapit ring opisina ng Pag-ibig Fund. Pinuntahan ko rin at nag-apply ng card. Naisip ko bigla ang sarili kong kamatayan. Mainam na maging handa.

Sa mga sumunod na mga araw at buwan, gumawa ako ng malalaking desisyon. Nag-apply ako ng Ph.D. sa La Salle. Nag-enrol ako sa isang Crossfit gym. Iniwan ko ang isang trabaho para makapagpokus sa pagtuturo sa isang unibersidad. Sinubukan kong ibuhos ang aking oras sa pag-aaral, pagtatrabaho, at pakikipag-usap sa mga kaibigan. Ayaw kong magpatalo sa lungkot.

Pero nararamdaman ko ang masidhing pangungulila kay Alex tuwing umuuwi ako ng bahay. Literal na mag-isa lang ako sa studio apartment na nirerentahan ko sa Quezon City at naisasariwa ang mga alaalang nabuo sa apat ng sulok ng aking bahay. Nakikita ko siya kahit saan ako tumingin—sa niregalo niyang painting, sa aking diploma, sa tropeyo, sa refrigerator na sabay naming binili, sa mga pagkaing tinuro niyang iluto para sa akin, sa kamang ilang taon naming pinagsaluhan. Nakikita ko siya kahit saan man ako pumunta. Hindi ko mapigilang sumama ang

loob tuwing sinasabihan ako ng mga tao:

“Bakit hindi ka pa rin makapag move on?”

Dahil hindi madali.

“Hindi naman titigil ang mundo para sa iyo.”

Alam ko, pero hayaan mong itigil ang mundo ko pansamantala.

Nagtaka ako: nakatanggap ba ng mga ganitong salita ang mommy ko nang namatay si daddy? Hindi, dahil kabilang siya sa sistema ng katanggap-tanggap na relasyon. Kasal sila ni daddy at may mga anak sila, kami. Legal ang kanilang relasyon sa mata ng komunidad, batas, at simbahan. Iginagalang ng mga tao ang pagluluksa ni mommy. Alam ng mga tao sa paligid kung bakit kaliwa’t kanan ang pagtanggap sa mga pakikiramay.

VII.

Mahalaga para sa akin ang konsepto ni Kenneth Doka, ang *disenfranchised grief*. Ito ay ang uri ng pagkawala na hindi hayagang kinikilala ng lipunan. Sa kamatayan ni Alex, ang relasyon niya bilang anak sa kanyang ama’t ina, bilang kapatid sa kanyang ate, bilang pinsan, bilang apo sa mga lolo’t lola, bilang pamangkin sa mga tiyo’t tiya, bilang tiyo sa kanyang pamangking babae, ang tanggap ng mga tao. Sumunod dito, mga kaibigan. Madaling sabihing maraming nagmamahal sa kaniyang kaibigan, sa elementarya, sa haiskul, sa college, sa trabaho, mga kaibigan kong naging kaibigan niya, mga kapanalig sa interes, at iba pa. Sa mga walang alam sa aming relasyon, isa lamang akong kaibigan.

Kaugnay ng sarili kong karanasan ng disenfranchised grief ang hindi pagkilala sa relasyon namin ni Alex bilang magkasintahan at ang hindi pagkilala sa akin bilang kanyang kasintahan. Ayon kay Doka, disenfranchised ang pagluluksa para sa mga taong hindi nakilala ng personal (tulad ng kapamilyang hindi nakita, mga iniidolong tao tulad ng mga celebrity),

relasyong nabuo online, o alagang hayop. Disenfranchised din ang kamatayan dulot ng pagpapatiwakal, pagbitay, aborsyon, at mga stigmatized na karamdaman tulad ng HIV at AIDS. Dagdag pa ni Doka, isang malaking komplikasyon na naidudulot ng disenfranchised grief ay ang hindi makitang pagkawala ("invisibility of loss") na nagiging rason upang mas sumidhi ang emosyonal na reaksyon ng naiwan sa nadanas na pagkawala dahil na rin sa kawalan niya ng kapangyarihan sa sitwasyon.

Kung ako lang ang masusunod, sana nailibing si Alex para may puntod akong bibisitahin kapag namimiss ko siya. Pero dahil sinabi sa akin ng magulang ni Alex na kahilingan niya ang makremeyt, inisip ko na sana pagkalooban ako ng kanyang abo na maitatago ko. Hindi ito nangyari. Noong Hulyo, sa araw ng kaarawan ni Alex, nakatanggap ako ng text mula sa kaniyang ina na ikinalat na nila ang abo ni Alex sa dagat. Nagpasalamat na lang ako na sinabihan nila ako pero nanlumo ako. Hindi ko matanggal sa aking isip: buti pa ang mommy ko, siya ang nagdesisyon kung ano ang gagawin sa labi ng daddy ko. Pero hindi nga niya ako asawa; isa lamang akong nobyong kailangang maitago.

Hindi madaling mag-move on dahil paulit-ulit na ipinapamukha sa akin ng lipunang ito ang hindi pagtanggap sa pagmamahalan ng dalawang taong pareho ang kasarian.

"Marami pang iba diyan. Bakit hindi ka na lang maghanap ng bago?" Hindi lahat ng bakla patalun-talon ng relasyon. Hindi lahat ng bakla, gustong laging nasa relasyon. Nagluluksa ako. Hindi ko kailangan ng relasyon.

"At least, nakaranas ka ng tunay na pagmamahal." Hindi ko alam kung ano ang irereak ko rito, pero bakit may tunog pangungutya ito sa pangkalahatan ng mga bakla? Sensitibo lang siguro ako.

Hindi ko naman isinawalang-bahala ang naramdaman kong pagyakap ng mga kaibigan sa

relasyon namin ni Alex. Pero sa mata ng lipunan, ilusyon ang aming pagmamahalan. Wala akong papel, wala akong pinanghahawakan, wala akong karapatan. Hangga’t walang opsyon para sa *same-sex marriage*, mabubuhay ang mga magkasintahang LGBTQIA+ sa Pilipinas sa simbolikong mundo ng pagmamahalang hindi pantay.

Sa pag-iral ng ideoyohikang heteronormatibo, nakakalungkot na kailangan kong magpabalik-balik sa klosetang aking itinaboy upang pangalagaan ang identidad ng namayapa kong nobyo at ng kanyang pamilya. At dahil wala namang ibang makakatulong sa akin kundi ako lamang, kailangan kong itanghal ang sarili bilang isang matatag na nilalang. Hindi man maisalba ng aking kaalaman, ng mga teorya, ang kasalukuyang pagtingin ng lipunan sa tulad ko, sinusubukan ko na lang intindihin ang pinagdadaanan ko.

WAKAS